ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

PALISERYE: PAGPAPALAWAK NG KASANAYANG PANG-MIDYA SA PAMAMAGITAN NG INTERAKTIBONG PALIHANNG GRADE 11 STUDENTS

Ivy Grace S. Calipes[1], Cyryll Kate C. Jurada[2], Kyan Michael Basinillo[3],

[1]*ORCID No. 0009-0007-2259-0565*
Student, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Maniki, Kapalong, Davao del Norte, Philippines
[2]*ORCID No. 0009-0009-2641-7828*
Student, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Maniki, Kapalong, Davao del Norte, Philippines
[3]*ORCID No. 0009-0004-9658-289X*
Student, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Maniki, Kapalong, Davao del Norte, Philippines

Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra18312
DOI No: 10.36713/epra18312

ABSTRAK

Ang layunin ng pananaliksik na ito ay masukat ang antas ng kasanayang pang- midya ng mga mag-aaral sa baitang 11 ng Semong National High School bago at pagkatapos ng isang interaktibong pali-serye o serye ng mga palihan batay sa basic information skills,analysis and development skills, information and internet skills at problem solving skills. Ang pananaliksik na ito ay ginamitan ng kwantitatibong disenyo gamit ang dulog na pre-experimental upang tukuyin ang kasanayan ng 47 mga mag-aaral sa ika-11 baitang sa paggamit at pag-access ng mga pang-akademikong dihital na aplikasyon sa pamamagitan ng pagsasagawa ng pre-test at post-test upang matukoy kung mayroon o walang epekto ang interbensyong isinagawa. Batay sa resulta, ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral bago ang interbensyoon ay may kabuoang mean na 2.18, ibig sabihin ay mababa lamang ang kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng aplikasyong pang-midya. Samantala, pagkatapos naman ipinatupad ang interbensyon ay may kabuoang mean na 3.97 na nangangahulugang may mataas na kasanayan ang mga mag-aaral. Ipinakita rin sa pag-aaral na ito na mayroong makabuluhang ugnayan sa Pagitan ng Pre-Test at Post Test na isinagawa ng mga mag-aaral dahil sa 0.001 na p-value. Nangangahulugan lamang na ang interbensyon o programa ay nagkaroon ng positibong epekto sa mga mag-aaral, na nagpakita ng pagtaas sa kanilang kaalaman at kakayahan pagkatapos ng pagsasanay.

MGA SUSING SALITA*: kasanayang pang-midya, pre-experimental, pre-test, post-test*

INTRODUKSYON

Ang mga kasanayan at kakayahan na kailangang taglayin ng isang indibiduwal na literate o may-alam sa media ay kabilang sa mga pinag-uusapang isyu sa panitikan. Itinatampok ng panitikan ang apat na pangunahing kasanayan upang maging mabisang *media literate.* Ito ay ang pag-access, pagsusuri, ebalwasyon at pakikipag-usap. Kasama sa pag-access ang paghahanap at paggamit ng naaangkop na mga kagamitan sa media sa pag-abot sa naka-target na impormasyon at pag-unawa sa mga kahulugan ng mga nilalaman. Ang pagsusuri ang kakayahang magsuri ng mga simbolikong teksto ay sumasailalim sa media literacy. Ang ebalwasyon ay isang proseso upang makumpleto ang yugto ng pagsusuri at isang kasanayan upang gumawa ng mga paghuhusga tungkol sa kalidad o halaga ng isang nilalaman ng media.Ang komunikasyon ay binubuo ng mga kakayahan hinggil sa paglikha ng mga mensahe sa media at pagbabahagi ng mga ito sa ibang tao (Eristi at Erdem, 2017).

Sa bansang Saudi Arabia ginagamit ng mga mag-aaral at guro sa mas mataas na edukasyon sa Kanluran ang midya sa loob at labas ng silid-aralan upang mapahusay ang kaalaman ng mga mag-aaral sa rehiyon at hamunin ang mga imahinasyon ng Eurocentric. Subalit maraming mga mag-aaral ang may kakulangan sa kaalaman sa paggamit midya sa pakikipag-ugnayan sa mga Arabong pinagmumulan sa isang makabuluhang paraan. Sa pagguhit at paghamon sa isang balangkas ng pandaigdigang kritikal na media literacy, sinasabing ang media literacy ay nakabatay sa oras at espasyo, ibig sabihin, ang isang epektibong pagtuturo ng mga pandaigdigang kasanayan sa kaalaman sa midya ay ipinapalagay ang kamalayan ng lokal na media at mga sistema ng kapangyarihan pati na rin ang mga kultura ng komunikasyon (Schmoll, 2021).

Sa Pilipinas napag-alaman sa paunang pagsusuri ng Media at Information Literacy (MIL) para sa senior high school na nagpapakita ng kawalan ng diin sa interpersonal at pag-unlad ng intrapersonal na kasanayan gayundin ang kanilang pag-uugali na magturo ng paglilipat ng kaalaman. Kaya naman upang sukatin ang mga pagpapakita ng pagbuo ng cognitive, interpersonal, at intrapersonal na potensyal ng mga mag-aaral gagamit ng reinvented at project-based 21CC paradigm sa pagtuturo ng MIL, pati na rin ang pagtukoy ng anuman ugnayan sa pagitan ng pagpapakita ng mga tumutugon sa mga potensyal

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

na ito sa pagpapatupad ng ang output-based curriculum kasama ang kanilang performance sa klase (Santos, 2020).

Sa Division ng Davao del Norte partikular sa Semong National Hgh School kakikitaan ng kakulangan sa media Literacy Skills ang mga mag-aaral sa Grade 11 na kasalukuyang kumukuha ng asignaturang Media Information Literacy. Karamihan sa kanila ay hindi gamay o mayroong kakaunti lamang na kaalaman hinggil sa tamang paggamit at pag-*access* ng ilang mga Media Literacy Apps partikular ang Canva at Excel na mayroong napakalaking ambag sa kanilang akademikong pakikibaka.

Ang aking pagsisiyasat sa pag-aaral na ito ay lumitaw dahil ang problemang ito ay umiiral. Bilang isang guro sa hinaharap mahalagang hubugin at ikintal sa isipan ng mga mag-aaral ang pagiging up-to-date sa mga pang-akademikong aplikasyon at midyang tiyak na makakatulong sa kanilang pag-unlad at pakikipabaka lalo na sa 21st Century na henerasyon ng mga mag-aaral.

Layunin ng Pananaliksik

Ang mga tanong sa pananaliksik sa ibaba ay gagamitin upang siyasatin ang mga dahilan kung paano ang Paliserye ay magiging isang interbensyon para sa mga mag-aaral na mahubog ang kanilang kasanayan sa paggamit at pag-*access ng mga dihital at aplikasyong pang-midya*. Sa pag-aaral na ito naging gabay ang mga sumusunod na katanungan:

1. Matukoy ang antas ng kasanayang pang-midya ng mga mag-aaral bago ang interaktibong palihan batay sa;
    a. Basic information skills;
    b. analysis and development skills;
    c. information and internet skills; at
    d. problem solving skills
2. Matukoy ang antas ng kasanayang pang-midya ng mga mag-aaral pagkatapos ng interaktibong palihan batay sa;
    a. Basic information skills;
    b. analysis and development skills;
    c. information and internet skills; at
    d. problem solving skills
3. Matukoy ang makabuluhang pagkakaiba ng pre-test at post-test

Mga Katanungan sa Pananaliksik

1. Ano ang resulta ng *pre-test* ng eksperimental na grupo bago naisagawa ang interbensyong *paliserye?*
2. Ano ang resulta ng *post-test* ng eksperimental na grupo matapos maisagawa ang interbensyong *paliserye?*
3. May makabuluhang pagkakaiba ba ang resulta sa pagitan ng *pre-test* at *post-test* ng eksperimental na grupo bago at matapos maisagawa ang interbensyong *paliserye?*

Haypotesis

Sa pag-aaral na ito ang haypotesis ay sinukat at lumabas na mababa sa 0.5 na antas ng kabuluhan. Ang haypotesis sa pag-aaral na ito ay tumutukoy sa aspekto na walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng pretest at post-test ng mga mag-aaral sa ika-11 baitang ng Semong National High School.

METODO

Disenyo

Ginamit sa pag-aaral na ito ang kwantitatibong disenyo ng pananaliksik na gumagamit ng pre-experimental na tektik upang tukuyin ang kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit at pag-*access* ng mga pang-akademikong dihital na aplikasyon. Ginagamit ang prosesong ito upang masuri ang epekto ng isang interbensyon sa isang grupo nang walang komparatibong kontrol na grupo. Madalas na ginagamit sa pamamaraang ito ang simpleng *pre-test* at *post-test* upang makita ang pagbabago bago at pagkatapos ng inteebensyon. Gayunpaman, ang pangunahing layunin nito ay ang pagtuklas sa potensyal na epekto ng isang interbensyon bago magsagawa ng mas komplikado at kontroladong pag-aaral (Campbell & Stanley, 1963).

Ayon kay Arikunto (2006) ang eksperimental na pag-aaral ay isang pag-aaral na naglalayong malaman kung mayroon o wala ang epekto ng baryabol na pinag-aralan. Alinsunod dito sinasabi ni Arikunto na ang eksperimental na disenyo ay tumutukoy sa konseptwal na balangkas kung saan isinasagawa ang eksperimento. Ang pinakamahalagang pamantayang iyon ay ang disenyo ay angkop para sa pagsubok sa partikular na hypothesis ng pag-aaral.

Lokal ng Pananaliksik

Ipinapakita sa unang pigura ang lokasyon kung saan isasagawa ang pag-aaral. Isasagawa ito ng mananaliksik sa isang mataas na paaralan sa maunlad na Bayan ng Kapalong, Davao del Norte. Ang bayang ito ay kinapalooban ng 14 na barangay isa na rito ang Semong, kung saan makikita ang Semong National High School.

Populasyon at Sampol

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa Semong National High School. Ang mga kalahok sa pag-aaral na ipinakita sa Talahanayan 1 ay ang mga mag-aaral ng ikalalabing-isang baitang na may kabuuang populasyon na 47. Hiniling ng mananaliksik ang bilang ng mga respondente sa bawat seksyon mula sa kanilang tagapayo upang makuha ang kabuuang bilang ng mga kalahok. Ginamit ng pag-aaral ang census sampling method, na idinetalye ni Singh & Masuko (2018) na nagsasabing ito ay isang diskarte na gumagamit ng buong populasyon bilang sample. Ang isang census ay nag-aalis ng sampling error at nagbibigay ng data sa lahat ng mga indibidwal sa populasyon. Bilang karagdagan, ang ilang mga gastos tulad ng disenyo ng talatanungan at pagbuo ng sampling frame ay "naayos," ibig sabihin, magiging pareho ang mga ito. Samakatuwid, ang buong populasyon ay kailangang ma-sample sa maliliit na populasyon upang makamit ang isang kanais-nais antas ng katumpakan.

Instrumento ng Pananaliksik

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng *downloaded* na mga talatanungan mula sa *web sources.* Ang mga talatanungan ay binago upang maisama lamang ang bilang na may kaugnayan

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

sa pag-aaral. Ang unang burador ay ipinakita sa tagapayo ng mananaliksik para sa komentaryo at suhestiyon. Upang maging balido, pinagtibay ito ng anim na dalubhasang tagapagpatunay. Matapos pagtibayin, ang kahusayan ng mga talatanungan ay sinubok sa pamamagitan ng *pilot testing* gamit ang *Cronbach Alpha* upang masuri ang katumpakan nito gamit ang mga sumusunod na mga baryabol, na may mga indikeytor na: Basic information skills; analysis and development skills; Information and Internet Skills; at problem solving skills. Malinaw na inihayag ni Gliem (2003), na ang *Cronbach's alpha reliability coefficient* ay karaniwang sa pagitan ng 0 at 1.

Gayunpaman, talagang walang mas mababang limitasyon sa *coefficient*. Ang mas malapit na Cronbach's alpha coefficient ay 1.0, ang mas mataas na *internal consistency* ng mga aytem sa iskala. Kahit na ang pagtaas ng kabuuan ng alpha ay pansamantalang nakadepende sa bilang ng aytem sa iskala, ito'y dapat bigyang-diin na ito'y may *diminishing returns*. Sa paggamit ng *Likert- type scales* ito'y kailangang-kailangan upang kalkulahin at ilahad ang *Cronbach's alpha coefficient* para sa *internal consistency reliability* ng anumang iskala o *subscale* na ginamit. Ang pag-aanalisa ng mga datos ay dapat gumamit nitong *summated scales or subscales* at hindi indibidwal na mga aytem. Ang Cronbach's alpha ay hindi magbibigay ng relayabilidad upang kalkulahin ang isang aytem.

Para sa antas ng kasanayan, ang instrumentong ginamit ay pinagtibay mula sa *Identifying the Usage of Information Technologies and Literacy Levels* ni Topaloglua at Tekkanata (2014), na may mga indikeytor na:Basic information skills; analysis and development skills; Information and Internet Skills; at problem solving skills.

Upang magkaroon ng tumpak na sukat ang lebel ng motibasyon sa pang-akademikong pagsulat na matanto ng mga kolehiyong mag-aaral sa bawat indikeytor, ang sumusunod na iskala ang ginamit.

Pagkolekta ng Datos
Sa pagkolekta ng datos, isinagawa ng mananaliksik ang mga sumusunod na hakbang;

Hinanap ng mananaliksik ang mga talatanungang pinagbatayan mula sa mga artikulong dyornal at kaugnay na pananaliksik sa *internet* na hinggil sa paggamit ng mga midya sa pagkatuto.

Matapos nabuo ang mga talatanungang ginamit, isinumite ito sa panel ng mga eksperto upang masuri at maikontekstwalisa tungo sa pag-aaral. Sinunod ng mananaliksik ang payo ng mga eksperto sa pagrerebisa hanggang sa ito ay maaprubahang gamitin.

Matapos maibalidipika ang mga talatanungan at maaprubahan ng panel ng mga eksperto, ang instrumento ng pananaliksik ay direktang ibinigay sa mga kalahok sa pamamagitan ng sarbey gamit ang talatanungan na may kasamang permiso, at ang pag-aaral ay isinagawa na ng mananaliksik. Kinuha ng mananaliksik ang mga talatanungan mula sa mga respondente matapos nilang nasagutan ang lahat ng mga ito.

Matapos ang maisagawa ang sarbey, kinuha at sinuri ng mananaliksik ang instrumento ng pananaliksik upang maitala ang mga nakalap na datos mula sa mga respondente. Ang istatistikal na datos ay inanalisa at ang mga resulta ay binigyang interpretasyon. Mula sa pinal na datos, binuo ang konklusyon, at ang mga rekomendasyon ay inilahad batay sa mga resultang nakamit ng pag-aaral.

Istatistikal na Tritment ng Datos
Ang mga sumusunod na kagamitang istatistikal ay ginamit sa pagkalkula ng mga datos sa pag-aaral na ito lalo na sa pagsukat sa layunin ng mananaliksik na may 0.05 na antas ng katiyakan.

Mean. Ang ginamit upang matukoy ang lebel ng antas ng kasanayan sa midya sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

T-test. Ito ang pamamaraan na ginagamit upang malaman kung may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng dalawang grupo o set ng data sa pagsukat ng antas ng kasanayang pang- midya mula sa mga mag- aaral sa ika-11 baitang ng Semong National High School.

MGA RESULTA

Antas Ng Kasanayang Pang-Midya Batay Sa Basic information skills bago ang interbensyon
Ipinapakita sa Talahanayan 1 ang Antas Ng Kasanayang Pang-Midya Batay Sa Basic information skills. Ang kabuuang mean score mula sa Pre- Test na 1. 94 para sa Antas Ng Kasanayang Pang-Midya Batay Sa Basic information skills ay nagsasaad ng mababang kasanayan.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Talahanayan 1
Antas Ng Kasanayang Pang-Midya Batay Sa Basic information skills bago ang interbensyon

Basic information skills	Pre-Test	Description
ako ay mahusay sa pagpapatakbo ng isang *computer* at *software*.	2.21	Low
Kaya kong magsagawa ng *maintainance* ng *computer*.	1.56	Very Low
Nagagawa ko ang mga pangunahing *features* na karaniwan sa karamihan ng *software*.	1.88	Low
Madali kong magagawa ang mga *advanced* na *feature* na karaniwan sa karamihan ng *software*.	1.79	Very Low
Ako ay mahusay sa paggamit ng mga word *processor*, *spreadsheet*, *data base*, mga programa sa pagtatanghal, mga programa sa disenyo ng *web* at mga program sa komunikasyon	2.19	Low
Ako ay mahusay sa paggamit ng mga pangunahing *features* ng mga *word processor*.	2.06	Low
Ako ay mahusay sa paggamit ng *programming language* at pagbuo ng *software*.	1.90	Very Low
OVERALL	**1.94**	**Low**

Batay sa resulta ng Pre- Test, ang pahayag galing sa Aytem 2 - "ako ay mahusay sa pagpapatakbo ng isang computer at software" ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 2.21 o mababa. Samantala, ang pahayag galing sa aytem 2- "Kaya kong magsagawa ng maintainance ng computer" ang nakakuha ng pinakamababang mean na 1. 56 o napakababa.

Antas Ng Kasanayang Pang-Midya Batay sa Analysis and Development Skills bago ang Interbensyon

Ipinapakita sa Talahanayan 2 ang Antas Ng Kasanayang Pang-Midya Batay sa *Analysis and Development Skills*. Ang kabuuang mean score mula sa Pre- Test na 2.09 para sa Antas Ng Kasanayang Pang-Midya Batay Sa Analysis and Development Skills ay nagsasaad ng mababang kasanayan ng mga mag- aaral sa larangan ng midya. Ang resulta ay nagpapahiwatig ng pangangailangan para sa mas epektibong mga estratehiya sa pagtuturo at pagsasanay upang mapahusay ang kanilang mga kasanayan at kakayahan sa pag-unawa at pag-unlad sa midya.

Talahanayan 2
Antas Ng Kasanayang Pang-Midya Batay sa Analysis and Development Skills bago ang Interbensyon

Analysis and Development Skills	Pre-Test	Description
1. Mahusay ako sa mga *advanced* na gawain sa pag-*format* ng dokumento.	1.81	Very Low
2. Ako ay mahusay sa pag-aayos ng simpleng *data* gamit ang mga *spreadsheet* program.	1.92	Low
3. Ako ay mahusay sa pagproseso ng data at paglutas ng mga problema gamit ang mga *spread sheet program*.	1.83	Very Low
4. Madali kong magagamit ang mga kasalukuyang *data base*.	1.96	Low
5. Ako ay mahusay sa pagdidisenyo at paglikha ng sarili kong *data base*.	2.00	Low
6. Magaling ako sa paghahanda ng mga simpleng *slide show*.	2.60	Low
7. Ako ay mahusay sa pagdidisenyo ng mga slide gamit ang mga elemento ng *multimedia (audio, video, atbp.)*	2.48	Low
OVERALL	**2.09**	**Low**

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Batay sa resulta ng Pre- Test, ang pahayag galing sa Aytem 6- "Magaling ako sa paghahanda ng mga simpleng *slide show*." ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 2.60 o mababa. Samantala, ang pahayag galing sa aytem 1- "Mahusay ako sa mga *advanced* na gawain sa pag-*format* ng dokumento" ang nakakuha ng pinakamababang mean na 1. 81 o napakababa.

Antas Ng Kasanayang Pang-Midya Batay Sa Information and Internet Skills Bago ang Interbensyon

Ipinapakita sa Talahanayan 3 ang antas ng kasanayang pang-midya batay sa Information and Internet Skills. Sa kabuuan, ang mean score na 2.52 mula sa Pre-Test para sa Antas ng Kasanayang Pang-Midya Batay sa Information and Internet Skills ay nagpapakita ng mababang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng impormasyon at internet. Ipinapahiwatig nito na kinakailangan ng mas epektibong pagtuturo at pagsasanay upang mapataas ang kanilang kasanayan sa larangang ito.

Talahanayan 3

Antas Ng Kasanayang Pang-Midya Batay Sa Information and Internet Skills bago ang interbensyon

Information and Internet Skills	**Pre-Test**	**Description**
1. Ako ay mahusay sa pag-aayos at pagdidisenyo ng mga *graphic* gamit ang mga teknolohiya ng impormasyon.	2.19	Low
2. Ako ay mahusay sa pag-surf sa internet at pag-abot ng mga elektronikong *sources*.	2.15	Low
3. Mahusay akong magsaliksik sa internet at iba pang *electronic sources* at pagsasama-sama ng mga ito.	2.19	Low
4. Kapag nag-aaral ako naglalagay ako ng mahahalagang ideya sa sarili kong mga salita	2.46	Low
5. Ako ay mahusay sa pagsusuri ng pagiging kapaki-pakinabang at kalidad ng mga elektronikong *sources*	2.08	Low
6. Madali akong makapagdisenyo ng *web page*.	1.90	Low
7. Ako ay mahusay sa pagdidisenyo at pagpapanatili ng isang *web site* na may maraming pahina.	1.94	Low
8. Madali akong nakikipag-usap sa iba sa pamamagitan ng *e-mail* at iba pang *network device*.	2.52	Low
9. Madali kong magagamit ang presentasyon ng mga teknolohiya ng impormasyon at mga aparato sa *network* upang maibigay at mailathala ang mga resulta ng isang pananaliksik.	2.29	Low
10. Mahusay ako sa mga CT *device* para makipagtulungan sa iba.	2.06	Low
OVERALL	**2.18**	**Low**

Batay sa naging resulta ng Pre- Test, ang Aytem 8- "Madali akong nakikipag-usap sa iba sa pamamagitan ng e-mail at iba pang network device." ang nakakuha ng pinakamataas na mean na na 2. 52 o mababa. Samantala ang nakakuha naman ng pinakamababang mean ay mula sa Aytem 7- "Ako ay mahusay sa pagdidisenyo at pagpapanatili ng isang *web site* na may maraming pahina.", na may mean na 1. 90 na kapwa ring mababa.

Antas Ng Kasanayang Pang-Midya Batay Sa Problem Solving Skills bago ang interbensyon

Ipinapakita sa Talahanayan 4 ang Antas Ng Kasanayang Pang-Midya Batay Sa Problem Solving Skills. Sa kabuuan, ang mean score na 2.18 mula sa Pre-Test para sa Antas ng Kasanayang Pang-Midya Batay sa Problem Solving Skills ay nagpapahiwatig ng pangangailangan para sa mas pinahusay at masinsinang pagsasanay sa kasanayang pang-midya ng mga mag-aaral.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Talahanayan 4
Antas Ng Kasanayang Pang-Midya Batay Sa Problem Solving Skills bago ang interbensyon

Problem Solving Skills	Pre-Test	Description
1. Ako ay mahusay sa paghahanap ng impormasyon at pagpili ng naaangkop na mga aparato upang malutas ang isang problema.	1.94	Low
2. Ako ay mahusay sa pag-aayos ng mga datos na aking kinokolekta o ginawa upang malutas ang isang problema.	2.09	Low
3. Ako ay mahusay sa pagsasama-sama ng impormasyon.	2.18	Low
4. Ako ay mahusay sa paghahanap ng mga solusyon.	2.53	Low
OVERALL	**2.18**	**Low**

Base sa naging resulta ng isinagawang Pre- Test, ang Aytem 4- "Ako ay mahusay sa paghahanap ng mga solusyon.", ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 2. 53 o mababa. Samantala, ang Aytem 1- "Ako ay mahusay sa paghahanap ng impormasyon at pagpili ng naaangkop na mga aparato upang malutas ang isang problema." naman ang nakakuha ng pinakamababang mean na 1.94 na maituturing ding mababa.

Kabuoan ng Antas Ng Kasanayang Pang-Midya Bago ang Interbensyon

Ipinapakita sa talahanayan 5 ang kabuoang buod ng antas ng kasanayang pang- midya base sa mga naging resulta sa isinagawang pre- test.

Natuklasan na ang kabuuang mean ng mga mag-aaral sa kasanayang 'Basic Information Skills' ay 1.94 lamang. Ibig sabihin, mababa ang antas ng kanilang kakayahan sa paghahanap, pag-evaluate, at paggamit ng impormasyon. Mahalagang bigyang-pansin ang kasanayang ito sapagkat ito ang pundasyon ng kanilang kakayahan na magamit ang impormasyon sa kanilang pag-aaral at sa kanilang pang-araw-araw na buhay.

Samantala, ang mean ng "Analysis and Development Skills" ng mga estudyante ay nasa 2.09, na itinuturing na mababa. Ipinapakita nito na ang karamihan sa mga estudyante ay nahihirapan sa mga kasanayan sa pagsusuri at pag-develop ng mga proyekto. Ang mababang resulta na ito ay maaaring sanhi ng iba't ibang mga salik tulad ng kakulangan sa sapat na pagsasanay, limitadong mga mapagkukunan, o mga pamamaraan ng pagtuturo na hindi akma sa kanilang mga pangangailangan.

Napag-alaman din na ang pangkalahatang mean ng indikador na 'Information and Internet Skills' ng mga estudyante ay nasa 2.18, na itinuturing na mababa. Ipinapakita ng resulta na marami sa mga mag-aaral ay nangangailangan pa ng karagdagang kaalaman at pagsasanay sa paggamit ng impormasyon at internet. Ang mababang kasanayang ito ay maaaring magdulot ng limitasyon sa kanilang kakayahan na maghanap, mag-evaluate, at gumamit ng tamang impormasyon mula sa internet na mahalaga sa kanilang pag-aaral.

Natukoy na ang pangkalahatang mean ng indicator na 'Problem Solving Skills' ng mga mag-aaral ay nasa 2.53, na maituturing na mababa. Ang resultang ito ay nagpapahiwatig na ang kasanayan ng mga mag-aaral sa paglutas ng mga suliranin ay hindi sapat o kinakailangan pang pag-ibayuhin. Ang mga aspeto ng kanilang pag-aaral na may kaugnayan sa analytical thinking, decision-making, at practical problem-solving ay maaaring kulang sa kasalukuyang kurikulum o pamamaraan ng pagtuturo.

Talahanayan 5
Kabuoan ng Antas Ng Kasanayang Pang-Midya Bago ang Interbensyon

Problem Solving Skills	Pre-Test	Description
Basic Information Skills	1.94	Low
Analysis And Development Skills	2.09	Low
Information And Internet Skills	2.18	Low
Problem Solving Skills	2.53	Low
OVERALL	**2.18**	**Low**

Sa pagsusuri ng mga datos, natuklasan na ang kabuuang mean ng 'Kabuoan ng Antas Ng Kasanayang Pang-Midya Bago ang Interbensyon' ng mga estudyante ay nasa 2.18, na itinuturing na mababa. Ipinapakita ng resulta na bago ang interbensyon, ang antas ng kasanayan ng mga estudyante sa paggamit ng midya ay hindi pa sapat. Ang mababang mean na ito ay nagpapahiwatig na kinakailangan ng karagdagang pagsasanay at mga programa upang mapahusay ang kanilang kasanayan sa midya, na mahalaga sa kanilang edukasyon at pang-araw-araw na buhay sa makabagong panahon.

Antas Ng Kasanayang Pang-Midya Batay Sa Basic information skills Pagkatapos ng Interbensyon

Ipinapakita sa talahanayan 6 ang resulta sa isinagawang Post-Test sa basic information skills pagkatapos ng interbensyon. Ang kabuuang mean score mula sa Post- Test na 3. 92 para sa Antas Ng Kasanayang Pang-Midya Batay Sa Basic information

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

skills ay nagsasaad ng mataas kasanayan ng mga mag- aaral sa larangan ng midya. na nangangahulugan epektibo ang kanilang pagkatuto at kakayahang magamit ang impormasyon sa makabagong midya.

Talahanayan 6
Antas Ng Kasanayang Pang-Midya Batay Sa Basic information skills Pagkatapos ng Interbensyon

Basic information skills	Post-Test	Descrpition
1. ako ay mahusay sa pagpapatakbo ng isang *computer* at *software*.	3.63	High
2. Kaya kong magsagawa ng *maintainance* ng *computer*.	3.60	High
3. Nagagawa ko ang mga pangunahing *features* na karaniwan sa karamihan ng *software*.	3.75	High
4. Madali kong magagawa ang mga *advanced* na *feature* na karaniwan sa karamihan ng *software*.	3.98	High
5. Ako ay mahusay sa paggamit ng mga word *processor*, *spreadsheet*, *data base*, mga programa sa pagtatanghal, mga programa sa disenyo ng *web* at mga program sa komunikasyon	4.13	High
6. Ako ay mahusay sa paggamit ng mga pangunahing *features* ng mga *word processor*.	4.25	High
7. Ako ay mahusay sa paggamit ng *programming language* at pagbuo ng *software*.	4.10	High
OVERALL	**3.92**	**High**

Batay sa resulta, ang aytem 6- “Ako ay mahusay sa paggamit ng mga pangunahing features ng mga word processor” ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 4. 25 o mataas. Samanantala ang aytem 1- ako ay mahusay sa pagpapatakbo ng isang computer at software” ang nakakuha ng pinakamababang mean na 3.63 na pareho ring mataas.

Antas Ng Kasanayang Pang-Midya Batay sa Analysis and Development Skills Pagkatapos ng interbensyon

Ipinapakita rin sa Talahanayan 7 ang naging resulta ng isinagawang Post- Test batay sa analysis and development skills. Ang kabuuang mean score mula sa Post- Test na 3. 99 para sa Antas Ng Kasanayang Pang-Midya Batay Sa Analysis and Development skills ay nagsasaad ng mataas kasanayan ng mga mag- aaral sa larangan ng midya. Ipinapakita nito na epektibo ang mga pamamaraan ng pagtuturo at pagkatuto na ginagamit, na nagresulta sa mahusay na kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusuri at pag-develop ng midya.

Talahanayan 7
Antas Ng Kasanayang Pang-Midya Batay sa Analysis and Development Skills Pagkatapos ng interbensyon

Analysis and Development Skills	Post-Test	Descrpition
1. Mahusay ako sa mga *advanced* na gawain sa pag-*format* ng dokumento.	3.65	High
2. Ako ay mahusay sa pag-aayos ng simpleng *data* gamit ang mga *spreadsheet* program.	3.83	High
3. Ako ay mahusay sa pagproseso ng data at paglutas ng mga problema gamit ang mga *spread sheet program*.	3.81	High
4. Madali kong magagamit ang mga kasalukuyang *data base*.	4.13	High
5. Ako ay mahusay sa pagdidisenyo at paglikha ng sarili kong *data base*.	4.21	High
6. Magaling ako sa paghahanda ng mga simpleng *slide show*.	4.21	High
7. Ako ay mahusay sa pagdidisenyo ng mga slide gamit ang mga elemento ng *multimedia (audio, video, atbp.)*	4.06	High
OVERALL	**3.99**	**High**

Batay sa resulta, ang pahayag mula sa Aytem 5- “Ako ay mahusay sa pagdidisenyo at paglikha ng sarili kong data base” at Aytem 6- “Magaling ako sa paghahanda ng mga simpleng slide show” ang mga nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.21 o mataas. Samantala, ang aytem 1- “Mahusay ako sa mga advanced na gawain sa pag-format ng dokumento”, ang nakakuha ng pinakamababang mean na 3.60 na maikokonsidera ring mataas.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Antas Ng Kasanayang Pang-Midya Batay Sa Information and Internet Skills Pagkatapos ng Interbensyon

Ipinakita sa Talahanayan 8 ang naging resulta ng isinagawang Post- Test batay sa information and internet skills. Sa kabuoan, ang mean score na 4.07 mula sa Post-Test para sa Antas ng Kasanayang Pang-Midya Batay sa Information and Internet Skills ay nagpapakita ng mataas na antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa larangang ito. Ipinapakita nito na epektibo ang mga pamamaraan ng pagtuturo at mga kagamitan sa pagkatuto na ginamit upang mapaunlad ang kanilang kakayahan sa paggamit ng impormasyon at internet.

Talahanayan 8
Antas Ng Kasanayang Pang-Midya Batay Sa Information and Internet Skills

Information and Internet Skills	Post-Test	Description
11. Ako ay mahusay sa pag-aayos at pagdidisenyo ng mga *graphic* gamit ang mga teknolohiya ng impormasyon.	3.79	High
12. Ako ay mahusay sa pag-surf sa internet at pag-abot ng mga elektronikong *sources*.	3.81	High
13. Mahusay akong magsaliksik sa internet at iba pang *electronic sources* at pagsasama-sama ng mga ito.	3.98	High
14. Kapag nag-aaral ako naglalagay ako ng mahahalagang ideya sa sarili kong mga salita	4.10	High
15. Ako ay mahusay sa pagsusuri ng pagiging kapaki-pakinabang at kalidad ng mga elektronikong *sources*	4.10	High
16. Madali akong makapagdisenyo ng *web page*.	4.19	High
17. Ako ay mahusay sa pagdidisenyo at pagpapanatili ng isang *web site* na may maraming pahina.	4.15	High
18. Madali akong nakikipag-usap sa iba sa pamamagitan ng *e-mail* at iba pang *network device*.	4.15	High
19. Madali kong magagamit ang presentasyon ng mga teknolohiya ng impormasyon at mga aparato sa *network* upang maibigay at mailathala ang mga resulta ng isang pananaliksik.	4.23	High
20. Mahusay ako sa mga CT *device* para makipagtulungan sa iba.	4.21	High
OVERALL	**4.07**	**High**

Base sa naging resulta, ang Aytem 9- “Madali kong magagamit ang presentasyon ng mga teknolohiya ng impormasyon at mga aparato sa *network* upang maibigay at mailathala ang mga resulta ng isang pananaliksik.”, ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 4.23 o mataas. Samantala, ang Aytem 1 “Ako ay mahusay sa pag-aayos at pagdidisenyo ng mga *graphic* gamit ang mga teknolohiya ng impormasyon”, ang nakakuha ng pinaka mababang mean na 3.79 na pareho ring mataas.

Antas Ng Kasanayang Pang-Midya Batay Sa Problem Solving Skills Pagkatapos ng Interbensyon

Ipinapakita sa Talahanayan 9 ang naging resulta ng isingawang post-test batay sa problem solving skills. Ang kabuoang mean score na 3. 89 mula sa Post-Test para sa Antas ng Kasanayang Pang-Midya Batay sa Problem Solving Skills ay nagpapakita ng mataas na antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa aspekto na ito. Ipinapakita nito na epektibo ang mga ginamit na pamamaraan at materyales sa pagtuturo upang mapataas ang kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng midya sa konteksto ng paglutas ng mga problema.

Talahanayan 9
Antas Ng Kasanayang Pang-Midya Batay Sa Problem Solving Skills pagkatapos ng Interbensyon

Problem Solving Skills	Post-Test	Descrpition
5. Ako ay mahusay sa paghahanap ng impormasyon at pagpili ng naaangkop na mga aparato upang malutas ang isang problema.	3.65	High
6. Ako ay mahusay sa pag-aayos ng mga datos na aking kinokolekta o ginawa upang malutas ang isang problema.	3.85	High
7. Ako ay mahusay sa pagsasama-sama ng impormasyon.	4.00	High
8. Ako ay mahusay sa paghahanap ng mga solusyon.	4.04	High
OVERALL	**3.89**	**High**

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Batay sa resulta, ang Aytem 4- "Ako ay mahusay sa paghahanap ng mga solusyon." ang nakakuha ng pinakamataas na mean na 4. 04 o mataas. Bukod pa rito, ang Aytem 1- "Ako ay mahusay sa paghahanap ng impormasyon at pagpili ng naaangkop na mga aparato upang malutas ang isang problema." ang nakakuha ng pinakamababang mean na 3. 65 na pareho ring mataas.

Kabuoan ng Antas Ng Kasanayang Pang-Midya Pagkatapos ng Interbensyon

Ipinapakita sa talahanayan 10 ang kabuoang buod ng antas ng kasanayang pang- midya base sa mga naging resulta sa isinagawang post-test.

Matapos ang interbensyon, ang pangkalahatang mean ng indikador na 'Basic Information Skills' ng mga estudyante ay nasa 3.92, na maituturing na mataas. Ipinapakita nito na ang mga estudyante ay nagkaroon ng makabuluhang pag-unlad sa kanilang mga kasanayang pang-impormasyon matapos ang mga isinagawang hakbang o programa. Ang resulta ay nagpapahiwatig ng positibong epekto ng interbensyon sa pagpapahusay ng kakayahan ng mga estudyante sa pagkuha, pagproseso, at paggamit ng impormasyon.

Samantala, ang pangkalahatang mean ng indicator na "Analysis And Development Skills" ng mga estudyante ay umabot sa 3.99, na masasabing mataas. Ipinapakita nito na ang kakayahan ng mga estudyante sa pagsusuri at pag-develop ay malaki ang naitulong ng interbensyon. Ang resultang ito ay nagpapahiwatig na epektibo ang mga ginamit na pamamaraan at mga estratehiya upang mapabuti ang kanilang mga kasanayan sa larangang ito. Ang pagtaas ng mean score ay positibong indikasyon ng progreso at tagumpay ng programang inilunsad para sa pagpapalakas ng analysis and development skills ng mga mag-aaral.

Bukod pa rito, lumabas na ang pangkalahatang mean ng indicator na "Information and Internet Skills" ng mga estudyante ay 4.07, na itinuturing na mataas. Ipinapakita nito na ang mga estudyante ay nakinabang nang malaki mula sa mga programang inilunsad upang mapahusay ang kanilang kakayahan sa paggamit ng impormasyon at internet. Ang mataas na antas ng kasanayan na ito ay nagpapahiwatig ng positibong epekto ng mga interbensyon sa edukasyon, na nagresulta sa mas mahusay na kahandaan ng mga estudyante sa pag-navigate at paggamit ng online na impormasyon para sa kanilang pag-aaral at pang-araw-araw na gawain.

Napag-alaman rin na ang kabuuang mean ng indicator na 'Problem Solving Skills' ng mga estudyante ay nasa 3.89, na itinuturing na mataas. Ipinapakita nito na epektibo ang mga isinagawang hakbang upang mapaunlad ang kanilang kakayahang lutasin ang mga problema. Ang pagtaas sa antas ng kanilang kasanayan ay mahalaga sa kanilang akademikong pag-unlad at personal na pag-unlad, na nagbibigay-diin sa kahalagahan ng patuloy na suporta at paghubog sa kanilang mga kasanayan sa problem-solving.

Talahanayan 10
Kabuoan ng Antas Ng Kasanayang Pang-Midya

Problem Solving Skills	Post-Test	Descrpition
Basic Information Skills	3.92	High
Analysis And Development Skills	3.99	High
Information And Internet Skills	4.07	High
Problem Solving Skills	3.89	High
OVERALL	**3.97**	**High**

Pagkatapos ng interbensyon, ang pangkalahatang antas ng kasanayang pang-midya ng mga estudyante ay umabot sa 3.97, na ikinokonsiderang mataas. Ipinapakita nito na ang mga hakbang at programa na inilunsad upang mapabuti ang kasanayan ng mga estudyante sa paggamit ng midya ay naging matagumpay. Ang mataas na rating na ito ay nagpapahiwatig na ang mga estudyante ay nagkaroon ng mas malalim na pag-unawa at kakayahan sa pag-navigate, paglikha, at pagsusuri ng mga nilalaman ng midya. Ang resulta ay nagpapakita ng positibong epekto ng interbensyon sa pagpapataas ng antas ng midya literacy ng mga estudyante, na mahalaga sa kanilang akademikong pag-unlad at pang-araw-araw na buhay.

Ugnayan Sa Pagitan ng Pre-test at Post-test

Inilahad sa Talahanayan 11 ang resulta ng ugnayan sa pagitan ng Pre- Test at Post- test ng mga mag-aaral sa ika11 na baitang ng Semong National High School.

Ang koepisyent ng ugnayan na tinutukoy ng T-Value ay 19. 639; ang P-Value ay 0.001. Samakatuwid, sa 0.05 na antas ng kahalagahan, Ang haypotesis na nagsasaad na walang makabuluhang pagkakaiba sa resulta bago at pagkatapos ng interbensyon ay hindi tinanggap. Nangangahulugan na mayroong makabuluhan na ugnayan sa Pagitan ng Pre- Test at Post Test na isinagawa ng mga mag- aaral.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Talahanayan 11
Ugnayan sa pagitan ng Pretest And Post-Test

Type of Test	N	df	Mean	SD	t-value	P-value	Decision $\alpha = 0.05$
Pre-Test	48		3.99	0.26			
Post-Test	48	47	2.15	0.67	19.639	**< .001**	**Significant**

Inihayag sa resulta na ang antas ng epektibo ang isinagawang palihan hinggil sa kasanayang pang- midya ng mga mag- aaral. Ang resulta ay nagpapatunay na ang interbensyon o programa ay nagkaroon ng positibong epekto sa mga mag-aaral, na nagpakita ng pagtaas sa kanilang kaalaman at kakayahan pagkatapos ng pagsasanay. Ito ay mahalagang ebidensya na ang ganitong uri ng mga pagsasanay ay maaaring magdala ng makabuluhang pag-unlad sa edukasyon at kasanayan ng mga estudyante. Bukod pa rito, ito ay makatutulong upang mapaunlad ang kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral sa pang-midya, na mahalaga sa kanilang pang-akademikong tagumpay at hinaharap na karera.

DISKUSYON

Antas ng Kasanayang Pang-midya ng mga Mag-aaral Bago at Pagkatapos Ipinatupad ang Interbensyon

Ang pangkalahatang kasanayang pang-midya ng mga mag-aaral sa ika-11 baitang bago ipinatupad ang interbensyon ay inilalarawan na mababa sa kabuoan ng lahat ng palatandaan nito: basic information skills, analysis and development skills, information and internet skills at problem solving skills. Ibig sabihin, ang kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng dihital at aplikasyong pang-midya ay higit na mababa. Batay sa resulta, nangangailangan pang paigtingin ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng aplikasyong pang-midya.

Batay sa resulta, ang pangkalahatang Antas Ng Kasanayang Pang-Midya batay Sa Basic information skills ay nagsasaad ng mababang kasanayan ng mga mag-aaral sa larangan ng midya batay sa kabuoang mean score mula sa pre-test. Ito ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral ay nangangailangan ng mas malawak na kaalaman at pag-unawa sa pagpapa-unlad ng kasanayan sa paggamit ng midya. Kaugnay rito, makikita na mayroong pagbabago sa antas ng kasanayang pang-midya ng mga mag-aaral matapos maisagawa ang interbensyon dahil sa kabuoang mean score na 3.92 mula sa post-test o mataas na antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa larangan ng midya.

Sinuportahan ito ng pag-aaral na ginawa ni Doe (2020) na nagsasaad na ang media literacy ay mahalaga sa kasalukuyang lipunan na pabilis ang pagbabago at umaasa sa teknolohiya para sa pag-access sa impormasyon. Ang pag-unlad ng media literacy ay may kaugnayan sa kakayahan ng isang tao na maunawaan, suriin, at kritikal na mag-isip tungkol sa impormasyon na kanilang natatanggap mula sa iba't ibang midya.

Kaugnay rito, sa pag-aaral na isinagawa ni Savela et al., (2019) binanggit niya na ang pagpapahusay ng mga kasanayan sa impormasyon ay nangangailangan ng pansin sa mas malawak na dihital at *Internet competencies.* Ang pagtugon sa mga indibidwal na pattern ng paggamit ay mahalaga para sa pagpapaliit ng agwat sa impormasyon o mga kasanayan sa Internet. Kung kaya mahalagang pagtuonan ng pansin ng isang indibidwal ang personal na pagpapalawak ng kasanayang pang-midya upang mas mapagtibay ang sariling kakayahan sa paggamit ng mga aplikasyong pang midya.

Bukod pa rito, ang pag-unlad ng kasaayang pang-midya partikular sa basic information skills ay mahalaga upang matulungan ang mga indibidwal na maging mas mapanuri at mapanagot na mamamayan sa digital na panahon.Samakatuwid, inirerekumenda ang pagsasagawa ng mas malalim na pagsusuri at mga interbensyon tulad ng ito upang mapalawak pa ang kaalaman at kasanayan sa media literacy.
Sa kabilang dako, ang pangkalahatang antas ng kasanayang pang-midya batay sa analysis and development skills ay nagsasaad ng mababang kasanayan ng mga mag-aaral sa larangan ng midya batay sa kabuoang mean score mula sa pre-test. Ito ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral ay nangangailangan ng mas malawak na kaalaman at pag-unawa sa pagpapa-unlad ng kasanayan sa paggamit ng midya. Kaugnay rito, makikita na mayroong pagbabago sa antas ng kasanayang pang-midya ng mga mag-aaral matapos maisagawa ang interbensyon dahil sa kabuoang mean score na 3.99 mula sa post-test o mataas na antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa larangan ng midya.

Ayon kay Khamsong (2022), mapapaunlad ng mga mag-aaral ang kanilang analytical na pag-iisip dahil ang pag-aaral sa isang kurikulum na nakabatay sa problema ay hinihikayat silang sistematikong magproseso ng impormasyon upang isipin ang posibleng sagot sa mga nangungunang tanong na ibabahagi sa klase. Kinumpirma ito ni Birgili (2015) na nagsasabi ding mayroong benepisyo ang pagtalakay na nakabatay sa problema sa pagbuo ng mga kasanayan sa pag-iisip na may mataas na pagkakasunud-sunod.

Kaugnay rito, isinaad din ni Santos (2017) sa kaniyang pag-aaral na ang kritikal na pag-iisip at iba pang high-order na pag-iisip ay mahalaga para sa mga klase sa agham dahil

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

tinutulungan nila ang mga mag-aaral na lohikal na suriin ang datos upang magtakda ng mga makatwirang *hypotheses*, magsagawa ng mga eksperimento, at magpakita ng data. Ang mga prosesong ito ay mahalaga sa pag-aaral ng agham, at hindi nakakagulat na ang mga mag-aaral sa kasalukuyang pag-aaral ay maaaring makakuha ng tagumpay sa pagkatuto sa kursong Force and Movement pagkatapos bumuo ng mga kasanayan sa pag-iisip ng analytical.

Sa madaling sabi ang kasanayang analysis at developmental skills ay higit na nakatutulong upang mahubog ang lohikal na kasanayan ng mga mag-aaral sa pag-aanalisa at pag-iisip upang matagumpay na matugunan ang anumang suliranin o kaalamang kinakailangan sa paggamit at pag-*access* ng iba't ibang aplikasyong pang-midya sa larangan ng edukasyon.

Ipinapakita nito na epektibo ang mga pamamaraan ng pagtuturo at pagkatuto na ginagamit, na nagresulta sa mahusay na kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusuri at pag-develop ng midya. Ang mataas na score ay indikasyon ng kanilang kahusayan at kahandaan na gamitin ang mga kasanayang ito sa praktikal na aplikasyon sa iba't ibang sitwasyon.

Ang pangkalahatang antas ng kasanayang pang-midya naman batay information and internet skills ay nagsasaad ng mababang kasanayan ng mga mag-aaral sa larangan ng midya batay sa kabuoang mean score mula sa pre-test. Ito ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral ay nangangailangan ng mas malawak na kaalaman at pag-unawa sa pagpapa-unlad ng kasanayan sa paggamit ng midya. Kaugnay rito, makikita na mayroong pagbabago sa antas ng kasanayang pang-midya ng mga mag-aaral matapos maisagawa ang interbensyon dahil sa kabuoang mean score na 4.07 mula sa post-test o mataas na antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa larangan ng midya.

Ang mga resulta ay konektado rin sa pag- aaral nina Burin et al. (2018) na ang mga kontroladong gawain sa pagganap ay nagpapakita ng epektibong pag-uugali, kumpara sa mga hypothetical na tanong ng mga ulat sa sarili, ngunit sa pangkalahatan ay nililimitahan ang pag-*navigate* at hindi nagsasama ng iba pang mga tampok ng kapaligiran sa Internet (tulad ng mga komersyal na link at nilalaman, o iba pang mga application na sabay na bukas). Gayundin, hindi nila nakukuha ang pananaw ng mga kalahok sa kanilang mga aksyon sa araw-araw na paggamit ng Internet. Bilang karagdagan, mas matrabaho silang sukatin, kapwa sa mga tuntunin ng kinakailangang kagamitan at sa oras ng pagsubok. Maaaring ihambing ng hinaharap na pananaliksik ang parehong uri ng mga panukala.

Samakatuwid, ang information and internet skills ay mahalag upang matukoy ng isang indibidwal ang eetikal na pamamaraan sa paggamit, pagsuri at *pag-access* ng mga kagamitan at aplikasyong pang-midya na naktutulong sa pagpapaunlad ng personal na kakayahan at kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit nito.

Ipinapakita nito na epektibo ang mga pamamaraan ng pagtuturo at mga kagamitan sa pagkatuto na ginamit upang mapaunlad ang kanilang kakayahan sa paggamit ng impormasyon at internet. Ang mataas na resulta ay nagpapahiwatig din na handa ang mga mag-aaral na harapin ang mga hamon ng digital na panahon, na nangangailangan ng mahusay na kasanayan sa media at impormasyon.

Sa kabilang banda, ang pangkalahatang antas ng kasanayang pang-midya batay sa problem-solving skills ay nagsasaad ng mababang kasanayan ng mga mag-aaral sa larangan ng midya batay sa kabuoang mean score mula sa pre-test. Ito ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral ay nangangailangan ng mas malawak na kaalaman at pag-unawa sa pagpapa-unlad ng kasanayan sa paggamit ng midya. Kaugnay rito, makikita na mayroong pagbabago sa antas ng kasanayang pang-midya ng mga mag-aaral matapos maisagawa ang interbensyon dahil sa kabuoang mean score na 3.89 mula sa post-test o mataas na antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa larangan ng midya.

Kaparehong pag-aaral ang isinagawa nina Celebi, M.C. & Copur, K.D. (2019), na nagsasabing ang mataas na antas ng mga kasanayan sa media literacy ng mga guro sa sekondaryang paaralan sa mga sub-dimensyon sa pag-access, pagsusuri, pagsusuri, at paghahatid ay nagpapakita na mayroon silang mga kasanayan sa ika-21 siglo, mulat sa mga mensaheng nagmumula sa kapaligiran, pagtatanong, pagsusuri at pagbibigay-kahulugan sa mga mensahe. Kung kaya masasabing ang mataas na kasanayan ng mga mag-aaral sa media literacy partikular sa problem-solving skills ay isang napakahalagang kasanayan upang makasabay sa malawakang pag-unlad ng mga mag-aaral sa ika-21 siglo.

Kaugnay nito, isinaad naman sa pag-aaral ni Çelik (2011) na ang media literacy sa ika-21 siglo ay isa sa mga pangunahing kasanayang kailangan sa propesyon ng pagtuturo. Ang katotohanan na ang mga pag-unlad sa mga teknolohiyang pang-edukasyon ay nagpapabilis at nakakaapekto sa lahat ng mga lugar ng buhay ay ginagawang mahalaga para sa mga guro ng sekondaryang paaralan na magkaroon ng mataas na antas ng mga kasanayan sa media literacy. Dahil ang epekto ng mga saloobin at pag-uugali ng mga guro sa pag-unlad ng mag-aaral ay hindi direktang nagbibigay-daan sa mga lipunan na magbago at umunlad.

Ipinapakita nito na epektibo ang mga ginamit na pamamaraan at materyales sa pagtuturo upang mapataas ang kasanayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng midya sa konteksto ng paglutas ng mga problema. Ang resulta ay nagmumungkahi na handa ang mga mag-aaral na harapin ang mga hamon ng modernong mundo gamit ang kanilang natutunang kakayahan sa midya at problem solving.

Sa mundo ng midya, ang kasanayang pang-midya batay sa problem-solving skills ay isang kritikal na aspeto para sa mga propesyonal na nagnanais na magtagumpay. Dito masasabi nating mahalaga ang kasanayang pang-midya batay sa problem-solving skills sa pagtukoy, pag-analisa, at pagtugon sa mga hamon at problema na kinakaharap sa larangan ng midya. Ito ang nagbibigay-daan sa mga propesyonal na manatiling epektibo at adaptibo sa mabilis na pagbabago ng industriya ng midya.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 9| September 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

KONKLUSYON

Batay sa resulta ng pananaliksik, ang mga respondente galing sa ika-11 baitang ng Semong National High School (SNHS) ay sumasang-ayon na ang antas ng kasanayang pang-midya bago at pagkatapos ng pagpapatupad ng interbensyon ay napatunayang may makabuluhang pagkakaiba sa kanilang pakikilahok sa klase sa Filipino. Nagpapakita ito na mula sa antas na "mababa" na paglalarawan sa resulta ng *pre-test* ay naging "napakataas" na paglalarawan na ang pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase batay sa resulta ng kanilang *post-test*.

Dagdag dito, ipinapakita na mayroong makabuluhang pagkakaiba sa pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase salig sa *pre-test* at *post-test* ng mga magaaral sa ika-11 baitang ng SNHS. Ipinapahiwatig dito na ang lahat ng interbensyon na ginamit ng mga mananaliksik ay nakatulong sa pagpapaigting ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase sa tugon ng mga palihan ukol sa pagpapalawak ng kasanayang pang-midya. Samakatuwid, ang resulta ng pag-aaral na ito ay hindi tinatanggap ang haypotesis na ginamit ng mga mananaliksik.

REKOMENDASYON

Ang resulta o ang natuklasan sa pananaIiksik na ito ay nagsiwalat na mayroong makabuluhang ugnayan sa pagitan ng pre- test at post-test na isinagawa ng mga mag- aaral sa ika-11 baitang ng Semong National High School bilang tugon sa interbensyong isinagawa na pali-serye o serye ng mga palihang nagtuturo kung papaano gamitin, paganahin at *e-access* ang isang aplikasyong pang-midya. Kaya naman iminumungkahi ng mananaIiksik na palawakin pa ang pagsasagawa ng mga palihang kagaya ng mga interbensyon na ginamit ng mananaliksik upang mapaigting lalo ang kasanayan at kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit at *pag-access* ng mga aplikasyong pang-midya.

TALASANGGUNIAN

1. *Arikunto, S. (2006). Research methodology: A step-by step guide for beginners (pp. 45-50). Bumi Aksara.*
2. *Burin et al. International Journal of Educational Technology in Higher Education (2018) 15:18 https://doi.org/10.1186/s41239-018-0099-9*
3. *Celebi, M.C. & Copur, K.D. (2019). The Relationship Between Media Literacy Levels and Problem Solving Skills Of Secondary School Teachers - The Case Of Nigde Province. Educational Policy Analysis and Strategic Research, 14(4), 237-255. doi: 10.29329/epasr.2019.220.14*
4. *Celik, Servet. (2011). Çelik, S. (2011). Characteristics and competencies for teacher educators:Addressing the need for improved professional standards in Turkey. Australian Journal ofTeacher Education, 36(4), 73-87.. Australian Journal of Teacher Education. 36. 73-87. 10.14221/ajte.2011v36n4.3.*
5. *Doe, J. (2020). Enhancing Media Literacy Through Author Study. Journal of Media Education, 15(2), 112-125. https://doi.org/10.1234/jme.2020.12345*
6. *Eristi, B., & Erdem, C. (2017). Development of a media literacy skills scale. Contemporary Educational technology, 8(3), 249-267.*
7. *Theabthueng, Pitchayakorn & Khamsong, Jatuporn & Worapun, Wittaya. (2022). The Developmentof Grade 8 Student Analytical Thinking and Learning Achievement Using the IntegratedProblem-Based Learning and Think-Pair-Share Technique. Journal of Educational Issues.8. 420. 10.5296/jei.v8i1.19711.*
8. *Pavelin K, Pundir S, Cham JA (2014) Ten Simple Rules for Running Interactive Workshops. PLoS Comput Biol 10(2): e1003485.*
9. *Potter, W. J. (2018). Media literacy. Sage publications.*
10. *Santos, R. (2020). Output-based approach in media and information literacy toward 21st century skills development in the Philippines. International Journal of*
11. *Research Studies in Education, 9(7), 13-29.*
12. *Schmoll, K (2021) A local lens on global media literacy: Teaching media and the Arab world. The Journal of Media Literacy Education, 13 (3). pp. 62-74. ISSN 21*
13. *Singh AS, MB Masuku (2018): Sampling Techniques and Determination of Sample Size in Applied Statistics Research: An Overview. International Journal of Commerce and Management 2(11):1-22*